
8

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 13: Responsibilidad sa Pamilya at Lipunan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 13: Responsibilidad sa Pamilya at Lipunan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Emelinda L. Raza |
| **Editor:** | Mark Lorenz C. Luib, Michael C. Paso |
| **Tagasuri:** | Elizabeth M. Ysulan, Alejandro M. Saclolo, Jr.,<br>Liberty B. Vertudazo, Judith E. Ecoben, Jezzine F. Salar,<br>Rashiel Joy F. Lepaopao, Megie M. Lillo at John Rey C. Clarion |
| **Tagaguhit:** | Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit,<br>Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig, Jubell C. Cababat, Gilbert H. Japay |
| **Tagalapat:** | Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagapamahala:** | Francis Cesar B. Bringas<br>Isidro M. Biol Jr.<br>Maripaz F. Magno<br>Josephine Chonie M. Obseňares<br>Lope C. Papeleras<br>Michael C. Paso<br>Juan Jr. L. Espina |

**Inilimbag sa:**

**Department of Education - Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

# 8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 13: Responsibilidad sa Pamilya at Lipunan

# Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 8 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 13 para sa Aralin 1 - Responsibilidad sa Pamilya at Lipunan!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinagtatagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 8 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 13 para sa Aralin 1 - Responsibilidad sa Pamilya at Lipunan!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



***Alamin*** — Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



***Subukin*** — Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



***Balikan*** — Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



***Tuklasin*** — Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



***Suriin*** — Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

| | |
|---|---|
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutan ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutan lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutan ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari

ka ring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



## *Alamin*


*"No man is an island."* – John Donne.

Isang tanyag na kasabihan na ang hatid na katotohanan ay naglalawig sa sanlibutan. Walang sinuman ang kayang mamuhay ng mag-isa. Kailangang magkaroon ng pamilyang mag-aaruga, magtuturo ng wastong gawi, asal at makisalamuha sa kapwa upang mabigyang kahulugan ang buhay.

Sa bawat karanasang hinaharap ng isang pamilya ay nabibigyan sila ng pagkakataong malaman ang mga gawaing magpatatatag hindi lamang sa sariling pamilya maging ang pakikipag-ugnayan sa kapuwa. Mahalagang makihalubilo sa kapwa nang sa ganoon ay matututo at mapapaunlad ng bawat kasapi ng pamilya ang pagiging matulungin sa pamayanang kinabibilangan. Bukod pa rito, dapat ding matutuhan ng pamilya ang mga batas na umiiral sa lipunang ginagalawan upang magabayan sa mga karapatang nararapat ingatan at isaalang-alang.

Sa modyul na ito ay malilinang ang kasanayang pampagkatuto na:

a. Natutukoy ang mga gawain o karanasan sa sariling pamilya na nagpapakita ng pagtulong sa kapitbahay o pamayanan (papel na panlipunan) at pagbabantay sa mga batas at institusyong panlipunan (papel na pampolitikal). (ESP8PB-Ig-4.1)



## *Subukin*

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Hindi tanggap ni Lina ang kaniyang pagbubuntis sapagkat bunga ito ng pagsasamantala kaya nais niyang hindi ipagpatuloy ang pagdadalang-tao. Anong karapatan ng bata ang maaaring malabag ni Lina?
   A. karapatang lumigaya
   B. karapatang maisilang
   C. karapatang mamuhay
   D. karapatang magpakasal

2. Kinulong si Jay nang hindi dumaan sa proseso ng paglilitis. Anong karapatan ang nilabag ng mga awtoridad?
   A. karapatang lumigaya
   B. karapatang mamuhay
   C. karapatang mangatwiran
   D. karapatang maging malaya

3. Kusang nagbibigay ng abuloy ang mga tao tuwing may namamatay sa kanilang lugar. Anong pagtulong ang kanilang ipinapakita?
   A. pagtulong sa kapatid
   B. pagtulong sa gobyerno
   C. pagtulong sa mag-aaral
   D. pagtulong sa mga mamamayan

4. May magandang plano si Juan sa kanilang pamayanan at nais niya itong imungkahi sa kanilang lider upang makahingi ng tulong sa pagpapatupad nito. Ngunit hindi siya binigyan ng pagkakataon na makapagpaliwanag ng maayos. Ano ang inalis kay Juan?
   A. dignidad
   B. karapatan
   C. lakas-loob
   D. pagkatao

5. Diniktahan si Jenny ng kaniyang kapatid sa pamamaraan ng kaniyang pagpapalaki sa kaniyang mga anak sapagkat katuwiran nito ay sobra itong makaluma. Anong karapatan ang inalis kay Jenny?
   A. palakihin ang mga anak ayon sa tradisyon
   B. makapagsilbi sa anak hanggang gusto nito
   C. maayusan ang anak ayon sa kaniyang nais
   D. maitaguyod ang mga anak ng sariling sikap

6. Paano maipakikita ang pagtulong sa kapuwa na hindi naghihintay ng kapalit?
   A. pagtulong sa kapwa dahil inutusan ng magulang
   B. pagtulong ng bukal sa kalooban at hindi pagbabalat-kayo lamang
   C. pagtulong sa mga matatandang tumatawid sa kalsada upang sumikat
   D. pagtulong sa mga nangangailangan upang dumami ang boto sa susunod na eleksiyon

7. Nabuntis ni Brian si Fatima sa hindi inaasahang pagkakataon at alam nito na tutol ang kaniyang mga magulang sa kanilang pag-iibigan. Kaya nang malaman nila ito ay agad na pinapalayo si Brian kay Fatima. Anong karapatan ang tinanggal ng mga magulang ni Brian sa kanilang anak?
   A. maging isang magulang
   B. masilayan ang kaniyang magiging anak
   C. isakatuparan ang kaniyang pananagutan
   D. maging maligaya kasama ang minamahal

8. Bagong lipat lamang ang pamilyang Mondragon sa Brgy. Pag-asa. Dahil sa magkaiba ang kulturang kinalakihan ng mga tao doon kaya malimit na walang nakikipaglaro sa kanilang mga anak at hindi ito lingid sa kanilang kaalaman. Anong karapatan ang hindi naibigay sa pamilyang Mondragon?
   A. makapagsalamuha ng iba
   B. makapaglaro kasama ng iba
   C. mamuhay ng maayos at tahimik
   D. mandayuhan sa ibang probinsya o ibang bansa

9. Ang mabuting pakikitungo sa pamilya ay daan sa mabuting pakikipagkapuwa-tao. Ano ang ibubunga nito sa isang tao kung ito ay kaniyang isasabuhay?
   A. maayos na samahan sa pamilya
   B. higit na nagiging popular ang isang tao
   C. nakatutulong ito sa kaniyang suliranin sa buhay upang masolusyunan ang problema
   D. madaling matatanggap ng kapuwa ang isang tao dahil maayos ang pamilyang kinabibilangan

10. Sinasabi na ang pamilya ay natural na institusyon. Alin sa sumusunod ang sumusuporta sa pahayag?
    A. Ang bawat pamilya ay kasapi ng iba't ibang institusyon ng lipunan.
    B. Ang mga institusyon sa lipunan ay naitatag dahil sa pagdami ng pamilya.
    C. Sa pamilya nahuhubog ang mabuting pakikipag-ugnayan at pagpapahalaga sa kapuwa.
    D. Nabuo ang pamilya dahil sa pagmamahalan ng dalawang taong nagpasiyang magpakasal at magsama nang habambuhay.

11. Alin sa sumusunod na institusyon sa lipunan ang itinuturing na pinakamaliit at pangunahing yunit ng lipunan.
    A. barangay
    B. paaralan
    C. pamahalaan
    D. pamilya

12. Sinasabi na ang mabuting pakikipagkapuwa ay nagmumula sa pamilya. Alin sa sumusunod na mga pahayag ang nagpapatunay nito?
    A. Ang pamilya ang unang nagturo ng mabuting paraan ng pakikipagkapuwa-tao.
    B. Sa pamilya unang natututuhan ang kagandahang asal at maayos na pakikitungo sa kapuwa.
    C. kapag wala ang magulang, ang paaralan ang siyang pangalawang tahanan na gagabay sa mga bata
    D. kung paano nakikitungo ang magulang sa kanyang anak, gayundin ang magiging pakikitungo nito sa iba

13. Alin sa sumusunod ang una at pinakapangunahing pamantayan sa paghubog ng maayos na pamilya?
    A. mga patakaran sa pamilya
    B. pagkakaroon ng mga anak
    C. pinagsama ng kasal ang magulang
    D. pagtatanggol ng pamilya sa kanilang karapatan

14. Alin sa sumusunod ang isa sa papel ng pamilya sa lipunan?
    A. maging matatag
    B. maging matapang
    C. pagkakaroon ng anak
    D. paglahok sa bayanihan

15. Alin sa sumusunod na mga sitwasyon ang nagsasabuhay sa mga gawain na nagpapakita ng gampaning pampamilya?
    A. Binibigyan ng sapat na edukasyon ang mga anak.
    B. Sama-samang naglilinis ang pamilyang De Vesta sa kanilang bakuran.
    C. Nagsama ang magkasintahang sina Juliet at Pedro kahit hindi pa ikinakasal.
    D. Bawat miyembro ng pamilyang Faustino ay isinasabuhay ang mga pananagutan.

# Aralin 1 Responsibilidad sa Pamilya at Lipunan

*"Walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang, walang sinuman ang namamatay para sa sarili lamang."*

-sipi mula sa awiting "Pananagutan" ni Eduardo Pardo Honteveros

Ngayon, subukin sa ***Balikan*** ang natutuhan mo sa nakaraang modyul upang hindi ka mahirapan sa pag-unawa sa konseptong tatalakayin sa panibagong aralin.



## *Balikan*

Ngayon, may inihanda akong gawain hinggil sa nakaraang modyul bilang tanda na may lubos kang pagkatuto sa nakaraang aralin. Alam kong kayang-kaya mo ito kaibigan! Ngayon pa lang binabati na kita.

### Gawain 1: Taglay ko ito!

Basahin ang mga pahayag na nasa kahon. Isulat ang **MK** kung ang pahayag ay nagpapakita ng kilos o gawi na dapat taglayin ng isang pamilyang may maayos na komunikasyon. Isulat naman ang **RM** kung ang pahayag ay nagpapakita ng gampaning tinataglay ng isang responsableng mamamayan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Binibigyang halaga ang mga payo ng magulang.
2. pamilyang sabay-sabay na nagdarasal
3. pagiging maligaya sa kaligayahan ng iba
4. tulong-tulong sa mga gawaing bahay
5. pagsunod sa mga batas na ipinatutupad ng pamahalaan
6. pakikilahok sa mga asembleya at pagpupulong sa pamayanan
7. nagsasabi ng po at opo sa tuwing sasagot sa mga nakatatanda
8. pagiging matapat sa salita at gawa
9. Pinag-uusapan sa loob ng tahanan ang problemang nararanasan ng bawat isa.
10. pagpasok nang maaga sa kaniya-kaniyang trabaho ayon sa pamantayan ng gobyerno



***Mga Tala para sa Guro***

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa ***Balikan*** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.

## *Tuklasin*

### Gawain 2: Oh Bayan ko!

Basahin at unawaing mabuti ang liriko ng "Mahal Ko Ang Bayan". Pagnilayan ang mga gabay na tanong.

**Mahal Ko Ang Bayan**

Marc Jan M. Maturan

Nakaukit na sa'king palad dugong mapagmahal
Sinusunod ang tama, sa salita at sa gawa
Batas ng bayan sa'king balikat hahawakan
Maglilingkod ng tapat sa mamamayan
Ipagtatangol ang nalalamangan
Di magnanakaw, di kukupitan ang kaban ng bayan

Chorus
Mahal ko ang bayan, bilang Pilipino
Tutuparin sinumpaang tungkulin
Dahil Pilipino ako
Mahal ko ang bayan bilang simpleng tao
Susundin mga alituntunin
Karangalan ko Pilipino ako, mabuting Pilipino

Sa tahanan, susundin ko ang utos ng magulang
Magmamano kina lolo at lola
Turo ni guro na maging magalang, sa tahanan, paaralan at maging sa labas man
Di papasok sa anumang bisyo,
Nasa isip na mabubuti nilang payo

Chorus
Mahal ko ang bayan, bilang Pilipino
Tutuparin sinumpaang tungkulin
Dahil Pilipino ako
Mahal ko ang bayang bilang simpleng tao
Susundin mga alituntunin
Karangalan ko Pilipino ako, mabuting Pilipino


Mahal ko ang bayan, maging ang sarili
Ipapakita ko tamang pagka Pilipino
Makikiisa para sa pagbabago
Igagalang ko kapwa tao
Ipaiiral marangal na pagka Pilipino

Mahal ko ang bayan, bilang Pilipino
Tutuparin sinumpaang tungkulin
Dahil Pilipino ako
Mahal ko ang bayang bilang simpleng tao
Susundin mga alituntunin
Karangalan ko Pilipino ako, mabuting Pilipino

Mahal ko ang bayan, ako'y may karapatan
Ang mabuhay bumuto at magnegosyo
Karapatan kong mananampalataya
Ako'y Pilipino tungkulin kong mahalin, pamilya at bayan ko.

**Gabay na tanong:**

1. Ano ang nais ipahiwatig ng awitin?
2. Paano inilalarawan sa awitin ang pagmamahal sa bayan bilang isang Pilipino?
3. Bilang mag-aaral nagampanan mo ba ang pagiging isang mabuting Pilipino maging sa loob ng tahanan?



# *Suriin*

Naramdaman mo ba ang mensahe ng awiting sinulat ni Marc Jan M. Maturan na pinamagatang “Mahal Ko ang Bayan”? Kung hindi pa ay pahapyaw nating pag-aaralan ang liriko ng awitin.

Ang awiting ito ay naglalarawan at tumutukoy sa mga magagandang gawain ng isang mabuting Pilipino. Basahin at damhin ang mensaheng nais ipahiwatig ng komposer sa liriko ng awitin.

Nakaukit na sa’king palad dugong mapagmahal
Sinusunod ang tama, sa salita at sa gawa
Batas ng bayan sa’king balikat hahawakan
Maglilingkod ng tapat sa mamamayan
Ipagtatangol ang nalalamangan
Di magnanakaw, di kukupitan ang kaban ng bayan

Sa bahaging ito ng awitin ay ibinabahagi ng komposer ang sariling karanasan at obserbasyon kung paano ipinakita ang malasakit sa kapuwa at maging sa bansa bilang kabuuan.

Binigyang-diin sa awitin ang responsibilidad ng tao sa lipunang kanyang ginagalawan at pagbabantay sa batas panlipunan gaya na lamang ng nabanggit sa awitin na maging matapat na mamamayan at hindi pagbubulsa sa pera ng bayan.

Ngunit paano nga ba matutukoy kung ang tao ay nakasusunod o nakatutulong sa kanyang kapwa o maging sa lipunang kanyang ginagalawan? Mayroon bang batayan kung paano maipapakita ng tao ang pagbibigay ng tulong sa mga nangangailangan?

Isa sa pinakadakilang utos ng ating Panginoon ay ang mahalin ang iyong kapuwa gaya ng pagmamahal sa sarili. Ipinapakita rito kung paano tinutulungan ang sarili na mapabuti, gayundin dapat ang ipakitang paraan ng pagtulong sa kapwa. Kailangang bukal ito sa kalooban ng tao at higit sa lahat hindi isang pagbabalat-kayo lamang.

Maraming paraan kung paano makatulong ang isang tao sa kanyang kapuwa at pamayanan. Ibig sabihin ang pamilya ay may ginagampanang papel sa lipunan: Una, maaaring sa pagbibigay ng personal na tulong; tulong moral o pinansyal. Pangalawa, pagsasabuhay ng bayanihan. Pangatlo ay maging mapagkalinga sa kalikasan ng pamayanang kinasasakupan.

Sa pagbibigay ng tulong sa ating kapwa at pamayanan ay laging tandaan ang aral ng Bibliya sa aklat ng Mateo 6:1 Ang Salita ng Diyos (SND), “Mag-ingat kayo na huwag gawing pakitang-tao lamang ang inyong pamamahagi sa mga kahabag-habag. Kung magkagayon ay hindi kayo tatanggap ng gantimpala sa inyong Ama sa langit”.


Isaisip na ang pagtulong sa kapuwa ay dapat bukal sa kalooban at hindi na kailangang ipagmayabang upang makaani ng papuri.

Kaakibat ng pagbibigay ng tulong ay ang pangangalaga sa batas panlipunan na napakahalagang masunod at maprotektahan ng mamamayan. Kung saan ito ay pinapamahalaan nang mabuti at hindi inaabuso ng taong-bayan.

Kung mayroong papel ang pamilya sa lipunan mayroon din itong pananagutang pampolitikal. Ang sumusunod ay mga karapatan ng pamilya na dapat isaalang-alang, pangalagaan at isagawa:

a. Ang karapatang umiiral at magpatuloy bilang pamilya
b. Ang karapatang isakatuparan ang kanyang pananagutan
c. Ang karapatang maging pribado ang buhay
d. Ang karapatan sa pagkakaroon ng bigkis at institusyon ng kasal
e. Ang karapatan sa paniniwala at pagpapahayag ng pananampalataya at pagpapalaganap nito
f. Ang karapatang palakihin ang mga anak
g. Pananampalataya
h. Pagpapahalaga sa kultura at tradisyon
i. Karapatang magtamo ng pisikal
j. Panlipunan
k. Pampolitikal at pang-ekonomiyang seguridad
l. Ang karapatan sa tahanan o tirahang angkop sa maayos na buhay pamilya.

Naintindihan mo ba ang kahalagahan ng pagbibigay tulong sa kapuwa at pamayanan? Natitiyak kong ngayon ay matutukoy mo na ang mga tiyak na gawain kung paano maipakita ang pagtulong.



# Pagyamanin

## Gawain 3. Tukuyin ang Kawang-gawa

Basahin ang mga sitwasyong nasa kahon. Lagyan ng ♡ kung nagpapahayag ng pagtulong sa kapitbahay o pamayanan. Lagyan ng ☆ kung nagsasaad ng pagbabantay sa batas o institusyong panlipunan. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Ang pamilyang Santos ay nagbigay ng donasyon sa mga naging apektado ng pagbaha.
2. Nakilahok sa *assembly meeting* ng barangay si Gina.
3. Ang mga kabataan ay nagboluntaryong sumali sa pagtatanim ng halaman.
4. Ang mga kalalakihan sa barangay Mataas ay nagtutulongan sa paggawa ng *reading center*.
5. Tulong-tulong ang lahat sa pag-apula ng apoy sa nasunog na bahay.
6. Ang mag-inang Fe at Marina ay nakikilahok sa *clean and green project* ng barangay.
7. Binibigyan ni Susan ng tamang edukasyon ang mga anak.
8. Karapatan ng bawat isa ang bumoto tuwing may eleksyon
9. Si Elza ay nagtext sa 8888 upang masugpo ang karahasan sa trabaho.
10. Karapatan ng bawat sanggol na isilang, mabigyan ng pangalan at maaruga.


**Gawain 4: Pansin ko ang liriko!**

Tukuyin sa liriko ng awiting "Mahal Ko Ang Bayan" ang naglalarawan o nagpapakita ng pagtulong sa kapuwa o pagbabantay sa batas panlipunan. Isulat sa sagutang papel ang iyong ang sagot.


| Nagpapakita ng Pagtulong sa Kapwa, Kalikasan at Bayanihan | Nagpapakita ng pagbabantay sa batas panlipunan |
|---|---|
| Hal. 'Di ako nagkakalat ng basura sa lansangan | Hal. Tumawid sa tamang tawiran |
| | |
| | |
| | |
| | |

**Gawain 5. Larawan ng Kilos, Suriin Mo!**


Tukuyin ang mga gawaing ipinapakita ng larawan. Lagyan ng ( / ) ang sagutang papel kung ang kilos na isinasaad ay nagpapakita ng pagtulong sa kapitbahay o pamayanan at ( + ) naman kung ito ay nagsasaad ng pagbabantay sa batas o institusyong panlipunan.




1




2



3




4



5



# Isaisip

**Gawain 6: E-detalye mo!**

Isulat sa sagutang papel ang mga hinihinging detalye.


3 Bagong Kaalaman
- 
- 
- 

2 Paksang nakakuha ng interes
- 
- 

1 Tanong na gustong masagutan
- 

**Rubriks sa Pagmamarka**

| Pamantayan | Napakasuhay (10 Puntos) | Mahusay (8 Puntos) | Di-gaanong Mahusay (6 Puntos) | Nangangailangan ng Pag-unlad (4 Puntos) |
|---|---|---|---|---|
| Paglalahad sa Bagong kaalaman/ interes | Napakaayos at angkop ang pagkalahad ng kaalaman at interes sa paksa. | Maayos at angkop ang pagkalahad ng kaalaman at interes sa paksa. | Di-gaanong maayos at angkop ang pagkalahad ng kaalaman at interes sa paksa. | May nailahad na kaalaman at interes bagaman malayo sa paksang tinalakay |
| Pagbuo ng tanong | Malinaw at angkop na angkop sa paksa ang nabuong tanong. | Malinaw at angkop sa paksa ang nabuong tanong. | Di-gaanong malinaw at angkop sa paksa ang nabuong tanong. | Hindi malinaw at angkop sa paksa ang nabuong tanong. |
| Kabuoan 20 puntos | | | | |



# *Isagawa*

## Gawain 7: Nakatulong kaya ako?

Sumulat ng isang sanaysay na may tatlong talata tungkol sa pansariling karanasan na nagpapakita ng pagtulong sa kapitbahay o pamayanan (papel na panlipunan) at pagbabantay sa mga batas at institusyong panlipunan (papel na pampolitikal). Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

**Pamantayan sa Pagmamarka**

| Pamantayan | Napakahusay (10 puntos) | Mahusay (7 puntos) | Nangangailangan ng Pag-unlad (4 puntos) |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Nailahad ang wastong kaisipan at ideya hinggil pananagutang panlipunan at pampolitikal ng pamilya. | Hindi gaanong Nailahad ang wastong kaisipan at ideya hinggil pananagutang panlipunan at pampolitikal ng pamilya. | Hindi nailalahad ang wastong kaisipan at ideya hinggil pananagutang panlipunan at pampolitikal ng pamilya. |
| **Organisasyon** | Mayroong simula, gitna, wakas at kongkulsyon | Mayroong simula, gitna, wakas ngunit walang kongklusyon | Mayroong simula ngunit walang gitna, wakas at kongkulsyon |
| Kabuuang Puntos 20 | | | |



# *Tayahin*

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Sinasabi na ang pamilya ay natural na institusyon. Alin sa sumusunod ang sumusuporta sa pahayag?
    A. Ang bawat pamilya ay kasapi ng iba't ibang institusyon ng lipunan.
    B. Ang mga institusyon sa lipunan ay naitatag dahil sa pagdami ng pamilya.
    C. Sa pamilya nahuhubog ang mabuting pakikipag-ugnayan at pagpapahalaga sa kapuwa.
    D. Nabuo ang pamilya dahil sa pagmamahalan ng dalawang taong nagpasiyang magpakasal at magsama nang habambuhay.

2. Alin sa mga sumusunod na institusyon sa lipunan ang itinuturing na pinakamaliit at pangunahing yunit ng lipunan?
    A. barangay
    B. paaralan
    C. pamahalaan
    D. pamilya

3. Sinasabi na ang mabuting pakikipagkapuwa ay nagmumula sa pamilya. Alin sa sumusunod na mga pahayag ang nagpapatunay nito?
    A. Ang pamilya ang unang nagturo ng mabuting paraan ng pakikipagkapuwa-tao.
    B. Sa pamilya unang natututuhan ang kagandahang asal at maayos na pakikitungo sa kapuwa.
    C. Kapag wala ang magulang, ang paaralan ang siyang pangalawang tahanan na gagabay sa mga bata.
    D. Kung paano nakikitungo ang magulang sa kanyang anak, gayundin ang magiging pakikitungo nito sa iba.

4. Alin sa mga sumusunod ang una at pinakapangunahing pamantayan sa paghubog ng maayos na pamilya?
    A. mga patakaran sa pamilya
    B. pagkakaroon ng mga anak
    C. pinagsama ng kasal ang magulang
    D. pagtatanggol ng pamilya sa kanilang karapatan

5. Alin sa sumusunod ang isa sa papel ng pamilya sa lipunan?
   A. maging matatag
   B. maging matapang
   C. pagkakaroon ng anak
   D. paglahok sa bayanihan

6. Alin sa sumusunod na mga sitwasyon ang nagsasabuhay sa mga gawain na nagpapakita ng gampaning pampamilya?
   A. Binibigyan ng sapat na edukasyon ang mga anak.
   B. Sama-samang naglilinis ang pamilyang De Vesta sa kanilang bakuran.
   C. Nagsama ang magkasintahang sina Juliet at Pedro kahit hindi pa ikinakasal.
   D. Bawat miyembro ng pamilyang Faustino ay isinasabuhay ang mga pananagutan.

7. Hindi tanggap ni Lina ang kaniyang pagbubuntis sapagkat bunga ito ng pagsasamantala kaya nais niyang hindi ipagpatuloy ang pagdadalang-tao. Anong karapatan ng bata ang maaaring malabag ni Lina?
   A. karapatang lumigaya
   B. karapatang maisilang
   C. karapatang mamuhay
   D. karapatang magpakasal

8. Kinulong si Jay nang hindi dumaan sa proseso ng paglilitis. Anong karapatan ang nilabag ng mga awtoridad?
   A. karapatang lumigaya
   B. karapatang mamuhay
   C. karapatang mangatwiran
   D. karapatang maging Malaya

9. Kusang nagbibigay ng abuloy ang mga tao tuwing may namamatay sa kanilang lugar. Anong pagtulong ang kanilang ipinapakita?
   A. pagtulong sa kapatid
   B. pagtulong sa gobyerno
   C. pagtulong sa mag-aaral
   D. pagtulong sa mga mamamayan

10. May magandang plano si Juan sa kanilang pamayanan at nais niya itong imungkahi sa kanilang lider upang makahingi ng tulong sa pagpapatupad nito. Ngunit hindi siya binigyan ng pagkakataon na makapagpaliwanag ng maayos. Ano ang inalis kay Juan?
   A. dignidad
   B. karapatan
   C. lakas-loob
   D. pagkatao

11. Diniktahan si Jenny ng kaniyang kapatid sa pamamaraan ng kaniyang pagpapalaki sa kaniyang mga anak sapagkat katuwiran nito ay sobra itong makaluma. Anong karapatan ang inalis kay Jenny?
    A. palakihin ang mga anak ayon sa tradisyon
    B. makapagsilbi sa anak hanggang gusto nito
    C. maayusan ang anak ayon sa kaniyang nais
    D. maitaguyod ang mga anak ng sariling sikap

12. Paano maipakikita ang pagtulong sa kapuwa na hindi naghihintay ng kapalit?
    A. pagtulong sa kapwa dahil inutusan ng magulang
    B. pagtulong ng bukal sa kalooban at hindi pagbabalat-kayo lamang
    C. pagtulong sa mga matatandang tumatawid sa kalsada upang sumikat
    D. pagtulong sa mga nangangailangan upang dumami ang boto sa susunod na eleksiyon

13. Nabuntis ni Brian si Fatima sa hindi inaasahang pagkakataon at alam nito na tutol ang kaniyang mga magulang sa kanilang pag-iibigan. Kaya nang malaman nila ito ay agad na pinapalayo si Brian kay Fatima. Anong karapatan ang tinanggal ng mga magulang ni Brian sa kanilang anak?
    A. maging isang magulang
    B. masilayan ang kaniyang magiging anak
    C. isakatuparan ang kaniyang pananagutan
    D. maging maligaya kasama ang minamahal

14. Bagong lipat lamang ang pamilyang Mondragon sa Brgy. Pag-asa. Dahil sa magkaiba ang kulturang kinalakihan ng mga tao doon kaya malimit na walang nakikipaglaro sa kanilang mga anak at hindi ito lingid sa kanilang kaalaman. Anong karapatan ang hindi naibigay sa pamilyang Mondragon?
    A. makapagsalamuha ng iba
    B. makapaglaro kasama ng iba
    C. mamuhay ng maayos at tahimik
    D. mandayuhan sa ibang probinsya o ibang bansa

15. Ang mabuting pakikitungo sa pamilya ay daan sa mabuting pakikipagkapuwa-tao. Ano ang ibubunga nito sa isang tao kung ito ay kaniyang isasabuhay?
    A. maayos na samahan sa pamilya
    B. higit na nagiging popular ang isang tao
    C. nakatutulong ito sa kaniyang suliranin sa buhay upang masolusyunan ang problema
    D. madaling matatanggap ng kapuwa ang isang tao dahil maayos ang pamilyang kinabibilangan

## *Karagdagang Gawain*

**Gawain 8: Suri-Sitwasyon.**

Basahin at unawaing mabuti ang sitwasyon sa grapiko at ibigay ang hinihingi nito. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Sitwasyon:

Taong 2019 nang lumaganap ang sakit o virus na tinatawag na Covid-19 na patuloy na namiminsala sa pang-araw-araw na buhay ng tao saan mang sulok ng mundo. Sa katunayan maraming buhay na ang nawala dahil dito. Ngayon bilang kabataan ano ang iyong magagawa para makatulong sa pagsugpo ng krisis na kinakaharap at patuloy ang pagtaas ng nagpositibo sa sakit na ito? Maglahad ng dalawang paraan na napabilang sa papel panlipunan at dalawa rin sa papel pampolitikal.

Papel Panlipunan

1.
2.

Papel Pampulitikal

1.
2.

**Rubriks sa Pagmamarka**

| **Krayterya** | **Higit na inaasahan (10 puntos)** | **Nakamit ang inaasahan (8 puntos)** | **Bahagyang nakamit ang inaasahan (3 puntos)** | **Hindi nakamit ang inaasahan (2 puntos)** |
|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Komprehensibo ang nilalaman ng teksto. Wasto ang lahat ng impormasyon | Kumpleto ang nilalaman ng teksto. Wasto ang lahat ng impormasyon | May ilang kakulangan sa nilalaman ng teksto. May ilang maling impormasyon | Maraming kakulangan sa nilalaman ng teksto. |
| **Organisasyon ng mga kaisipan** | Organisado at may malinaw na kaisahan ang daloy ng paglalahad ng kaisipan sa teksto. | Malinaw at maayos ang paglalahad ng kaisipan sa teksto. | Hindi masyadong maayos at malinaw ang paglalahad ng kaisipan sa teksto. | Walang kaayusan ang paglalahad ng kaisipan sa teksto. |
| Kabuuang Puntos = 20 | | | | |

# *Susi sa Pagwawasto*

**Pagyamanin / Gawain 4**

**Nagpapakita ng Pagtulong sa Kapwa, Kalikasan at Bayanihan**

1. Pagsunod s autos ng magulang sa tahanan
2. Iginagalang ang kapwa
3. Pagmamalasakit sa kapwa

**Nagpapakita ng pagbabantay sa batas panlipunan**

1. Susundin ang alituntunin ng bansa
2. Pakikiisa sa pagbabago at pagbabantay sa bayan
3. Paglilingkod ng tapat sa mamamayan

| **Tayahin** | **Pagyamanin** | **Subukin** |
|---|---|---|
| 1. D<br>2. D<br>3. B<br>4. C<br>5. D<br>6. B<br>7. B<br>8. C<br>9. D<br>10. B<br>11. A<br>12. B<br>13. C<br>14. A<br>15. D | **Gawain 3.**<br>1. puso<br>2. tala<br>3. puso<br>4. puso<br>5. puso<br>6. puso<br>7. tala<br>8. tala<br>9. tala<br>10 tala<br><br>**Gawain 5**<br>1. /<br>2. +<br>3. +<br>4. +<br>5. / | 1. B<br>2. C<br>3. D<br>4. B<br>5. A<br>6. B<br>7. C<br>8. A<br>9. C<br>10. D<br>11. D<br>12. B<br>13. C<br>14. D<br>15. B<br><br>**Balikan**<br><br>**Gawain 1**<br>1. MK 6. RM<br>2. RM 7. MK<br>3. MK 8. MK<br>4. RM 9. MK<br>5. RM 10. RM |

# *Sanggunian*


**Aklat**

Bognot Regina Mignon C., et. al., 2013. *Edukasyon sa Pagpapakatao.* Quezon City: Vibal Publishing House Inc.

**Hanguang Elektroniko:**

*Ang Papel na Panlipunan at Pampulitikal ng Pamilya.* prezi.com. Accessed, September 30, 2014. https://prezi.com/zshz6tqh3t3j/ang-papel-na-panlipunan-at-pampolitikal-ng-pamilya/.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph